# Habi ng Pagbasa sa Liwanag ng Teoryang Kapwa: Epekto ng Pagsasanib ng Repleksyon at Diskurso sa Pag-unawa ng Akdang Pampanitikan

**Dara Mae T. Fernandez**[1]
*Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines*

**Merlina C. Garcia**
*Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines*

**Joey A. De La Cruz**
*Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines*

**ARTICLE HISTORY**
***Date Submitted:*** October 22, 2025 | ***Date Accepted:*** November 26, 2025 | ***Date Published:*** December 30, 2025

## ABSTRACT

*This study aims to examine the effects of the combined reading methodologies – reflection and discourse – on the level of comprehension of literary works among 30 students enrolled in GE FIL 3: Dalumat ng/sa Filipino. The research is grounded in Enriquez's Theory of Kapwa, which emphasizes relational interaction as the foundation of learning, and Kolb's Experiential Learning Cycle, which focuses on experience, reflection, abstract conceptualization, and active application in reading. The sequential learning cycle was tested through the integration of the two reading modalities. The researchers utilized a self-made comprehension test (pre-test and post-test), validated through peer review, as well as qualitative data from journals, transcriptions, and notes from semi-structured interviews. Through thematic analysis of participants' responses, the study identified linguistic, motivational, and other factors affecting comprehension. The results revealed the importance of integrating reflection and discourse in the development of cognitive and interpretative skills, as well as in the formulation of meaningful strategies for reading literary texts.*

**Keywords**: metacognition, collaborative reading, holistic learning, abstract conceptualization, relational perspective

## ABSTRAK

*Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang epekto ng pinagsamang metodolohiyang pagbasa – repleksyon at diskurso – sa antas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng 30*

doi: 10.5281/zenodo.18081857
[1]Corresponding author: fernandez.daramaetigcal@gmail.com

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

*mag-aaral sa kursong GE FIL 3:Dalumat ng/sa Filipino. Nakaugat ang pananaliksik sa Teoryang Kapwa ni Enriquez na nakasentro sa ugnayan bilang pundasyon ng pagkatuto, at sa Siklo ng Pagkatuto ni Kolb na nakatuon sa karanasan, pagmumuni, abstraktong paglilinaw at aktibong aplikasyon sa pagbasa. Sinubok ang sekwensyal na siklo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasanib ng dalawang modalidad sa pagbasa. Gumamit ang mga mananaliksik ng self-made comprehension test (pre-test at post-test) na pinahusay sa pamamagitan ng peer review, at kuwalitatibong datos mula sa dyornal, transkripsyon at tala ng bahagyang nakabalangkas na panayam. Sa pagsuri ng mga tugon ng kalahok, gumamit ng tematikong analisis ang pag-aaral upang matukoy ang hamong lingguwistiko, motibasyonal, at iba pang mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa. Ipinakita ng resulta ang kabuluhan sa pagsasanib ng repleksyon at diskurso sa paglinang ng kognitibo at interpretatibong kasanayan, gayundin sa pagbuo ng makabuluhang estratehiya sa pagbasa ng akdang pampanitikan.*

**Mga Susing Salita:** metakognisyon, kolaboratibong pagbasa, holistikong pagkatuto, abstraktong konseptuwalisasyon, relasyunal na pananaw

## I. INTRODUKSYON

Ang pagbasa ng mga akdang pampanitikan ay isang proseso na nakapag-aambag sa pagpapataas ng kasanayan sa malikhaing pag-iisip at kamalayang panlipunan. Bahagi ng elementong ito ang pagsalamin sa wika at danas ng tao sa mundo, kaya't itinuturing ang panitikan bilang makapangyarihang kasangkapan sa paghubog ng pagkatao at pananaw sa daigdig. Ipinakita ng mga makabagong pag-aaral na ang tuloy-tuloy na pakikilahok sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan ay hindi lamang nakapagpapalalim ng literari at kontekstuwal na pag-unawa, kundi nakatutulong din sa paghubog ng kakayahang makipag-ugnayan, magpamalas ng empatiya, at mas epektibong pamahalaan ang sariling emosyon sa loob ng kapaligiran ng pagkatuto (Marbani & Ngilangil, 2025).

Hindi lamang nakatuon sa literal na pag-unawa ang pagbasa ng panitikan, kundi nagsisilbi rin itong masinsing proseso ng personal na pagmumuni. Ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Maitim (2025), na nagpapakita kung paanong ang pagbasa ng mga akdang pampanitikan, kahit mahaba o masalimuot, ay nakapupukaw ng masigasig na paglahok ng mga mambabasa sa masusing pagsusuri at pagninilay. Ang mga akdang pampanitikan ay kadalasang isinulat batay sa tiyak na konteksto ng panahon at karanasan ng manunulat, kaya't nagkakaroon ng personal na koneksyon ang mambabasa sa nilalaman ng akda. Ayon kay Odod (2025), sa pamamagitan ng pampanitikang pagbasa, nahihikayat ang mga mag-aaral na suriin ang sariling damdamin, paninindigan, at pananaw, na nagiging daan sa mas malalim na pag-unawa sa sarili at sa lipunang kanyang ginagalawan.

Sa kontekstong pang-edukasyon, mahalagang bigyang-pansin ang papel ng panitikan sa kurikulum. Batay sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), Kautusang Pangkagawaran Blg. 10, Serye ng 2024, layunin ng kurikulum pansekondarya na palalimin ang kamalayang kultural ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga asignaturang nakatuon sa Panitikang Pilipino, bilang paghahanda sa mga hamon ng lipunan sa lokal at pandaigdigang antas. Gayundin, alinsunod sa patakaran ng

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED), isinabatas sa pamamagitan ng Memorandum Blg. 4, Serye ng 2018 ang pagsasama ng asignaturang Panitikang Pilipino sa kurikulum ng mga programa sa kolehiyo. Layunin ng kautusang ito na palakasin ang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral bilang Pilipino sa pamamagitan ng paglinang ng kasanayan sa pagbasa, pagsusuri, at pagninilay sa mga akdang pampanitikan.

Sa pag-aaral ng panitikan, nahuhubog ang kamalayang panlipunan, pagpapahalaga sa kultura, at kakayahang magpahayag ng sariling saloobin. Itinuturing ang panitikan bilang salamin ng lipunan at daluyan ng mga karanasang makatao, kaya't mahalagang bahagi ito ng edukasyong pangkolehiyo. Bilang tugon sa panawagan ng CHED, isinama ng Nueva Ecija University of Science and Technology ang pagtuturo ng panitikan sa kurikulum ng General Education. Sa Kampus ng Atate, kung saan bukas ang mga programang Batsilyer sa Agham sa Teknolohiyang Pang-Impormasyon (BSIT), Batsilyer sa Agham sa Pagsasagawa ng Negosyo (BSBA), at Batsilyer sa Agham sa Pagnenegosyo (BS Entrepreneurship), bahagi ng kurikulum ang pag-aaral sa panitikan, partikular ang asignaturang GE FIL 3: Dalumat ng/sa Filipino para sa unang semestre. Sa kursong ito, binibigyang-diin ang pag-aaral ng panitikan bilang mahalagang sangkap sa paglinang ng kamalayang panlipunan at makabayang pananaw ng mag-aaral.

Gayunpaman, sa kabila ng mga inisyatiba mula sa DepEd at ng CHED, nananatili ang ilang hamon sa integrasyon ng panitikan sa mga kursong teknikal at pagnenegosyo. Binanggit ni Clavel (2025) na sa mga kursong hindi kabilang sa larangan ng humanidades, nahihirapan ang mga guro na mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa panitikan dahil sa kakulangan ng suporta mula sa komunidad at limitadong kasanayan sa pagtuturo nito. Dagdag pa rito, ang mga personal na kasanayan ng mga mag-aaral, gaya ng kakulangan sa kaalamang linggwistikal at mababang antas ng motibasyon, ay maituturing ding salik sa kahirapan sa pagsubok sa pagbasa. Dahil dito, nakita ng mananaliksik ang pangangailangang pagtuunan ng pansin ang mga mag-aaral na nakararanas ng ganitong hamon, hindi bilang pagtukoy sa partikular na disiplina kundi bilang representasyon ng mga kontekstong nangangailangan ng mas inklusibo at kolaboratibong pamamaraan ng pagkatuto. Sa ganitong pananaw, isinulong ang pag-aaral na ito upang masuri ang bisa ng paglalapat ng Teoryang Kapwa sa pagbasa bilang interbensyong pedagohikal na maaaring tumugon sa mga nabanggit na suliranin sa pag-unawa sa panitikan.

Binibigyang-diin ng pag-aaral ang pagkilala sa kahalagahan ng pagtatakda ng layunin at maayos na pagpaplano sa epektibong estratehiya ng pagbasa. Ang pagtatakda ng layunin sa gawaing pagbasa ay mahalaga upang makabuo ng sistematikong plano para sa mga hakbang at pamamaraan sa pagsasagawa nito sa klase. Ayon sa pag-aaral ni Erie (2025), ang pagkakaroon ng tiyak na layunin sa pagbasa ay nakapagpapalakas sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pag-unawa; gayunpaman, nananatiling mahalaga ang mas pinatibay na interbensyon upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahang umunawa ng mga teksto. Kaugnay nito, ipinahayag nina Fernandez at Abiva (2025) na ang uri ng modalidad sa pagbasa ay may impluwensya sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang pagsasagawa ng pangkatang pagbasa ay mabisang hakbang sa paghahanda ng mga mag-aaral para sa

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/


epektibong pag-unawa sa teksto, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng indibidwal na pagganap.

Sa teoretikal na pananaw, mahalaga ring isaalang-alang ang aplikasyon ng Teoryang Kapwa ni Virgilio Enriquez sa proseso ng pagbasa (Maninang, 2025). Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan at kolaborasyon bilang pundasyon ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng repleksyon (indibidwal na proseso) at diskurso (kolektibong proseso), maaaring malinang ang kognitibo at interpretatibong mga kasanayan sa mga akdang pampanitikan na nakaugat sa kultura ng lipunang Pilipino. Sa ganitong pananaw, binibigyang-halaga ng pananaliksik ang mga hakbang sa pagbasa na isasaalang-alang ang organisado, masinsin, at makabuluhang pagkatuto sa loob ng klase sa pamamagitan ng tatlong yugto: paghahanda bago magbasa, pagbasa na may patnubay, at pagninilay matapos magbasa.

### *A. Konseptuwal na Balangkas*

Nakatuon ang pananaliksik na ito sa pagsusuri ng bisa ng isang metodolohiyang pedagohikal na nakaugat sa Teoryang Kapwa ni Virgilio Enriquez bilang pangunahing lente sa pag-unawa sa proseso ng pagbasa. Bahagi ng metodolohiyang ito ang integrasyon ng Siklo ng Pagkatuto ni David Kolb (Keramati et al., 2024) at ng Panlipunang Konstruktibismo ni Lev Vygotsky (Kushki & Nassaji, 2024) bilang mga pantulong na teoretikal na balangkas na nagpapalalim sa aplikasyon ng Teoryang Kapwa sa konteksto ng pagtuturo at pagkatuto.

**Pigura 1**.
*Balangkas ng Pedagohiyang Kapwa: Pagbasa Bilang Ugnayang Replektibo at Diskursibo sa Mas Mataas na Edukasyon*




© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Isinagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng kursong GE FIL 3: Dalumat ng/sa Filipino upang masuri ang bisa ng naturang lapit sa pedagohiya. Ang pananaliksik na ito ay tumutugon sa lumalakas na panawagan para sa mga pamamaraang nakasentro sa mag-aaral, mga pamamaraang nagsusulong ng panghabangbuhay na pagkatuto, mapanuring pag-iisip, at aktibong pakikilahok sa konteksto ng mas mataas na edukasyon (Rodrigues, 2023; Buhamaid et al., 2024).

Ang konseptuwal na balangkas ay inilahad sa anyo ng patong-patong na pigura na nagpapakita ng lohikal na ugnayan ng teoretikal na oryentasyon, pantulong na balangkas, metodolohiyang pedagohikal, at inaasahang resulta. Sa sentro ng Pigura 1 ay matatagpuan ang Teoryang Kapwa ni Enriquez, na ayon sa pagsusuri ni Maninang (2025), itinuturing ang kapwa bilang isang pagkakabahagi ng pagkakakilanlan na nakaugat sa dangal, pagkakapantay-pantay, at pagkilala sa bawat isa. Mula sa sentrong lente na ito umuusbong ang oryentasyon ng metodolohiya at ang pagtingin sa pagbasa bilang relasyonal na gawain na kinasasangkutan ng kolektibong karanasan at interaksyon.

Binibigyang-tuon sa ikalawang patong ng pigura ang ambag ng Siklo ng Karanasang Pagkatuto ni Kolb bilang estrukturang nagsasaayos ng replektibong obserbasyon, abstraktong konseptuwalisasyon, at aktibong aplikasyon, na batay sa paglalahad nina Buhumaid et al. (2024), nagsisilbing balangkas para sa metakognitibong pag-unlad at muling paghulma ng interpretasyon. Kasabay nito, binibigyang-linaw ng Panlipunang Konstruktibismo ni Vygotsky ang papel ng diskursibong interaksyon at ng mga hakbang na nagbibigay-suporta sa kolaboratibong konstruksyon ng kahulugan. Ipinapakita ni Rodrigues (2023) na sa pamamagitan ng targetadong suportang istruktural at sosyo-kultural na pag-uugnay ay naitataguyod ang pantay-pantay na partisipasyon at pagbuo ng kolektibong kaalaman.

Ang ikatlong patong ng pigura ay naglalarawan ng espesipikong implementasyon sa kurikulum ng GE FIL 3: Dalumat ng/sa Filipino, kung saan ang indibidwal na pagbasa-repleksyon ay ginagawang paunang hakbang para sa personal na interpretasyon. Ang estrukturadong diskurso ang daluyan kung saan ang mga paunang interpretasyong ito ay hinahamon, pinayayaman, at pinagsasama sa kolektibong pagbuo ng kahulugan. Ipinapakita nina Nieves at Recillo (2021) na ang kombinasyon ng indibidwal na repleksyon at kasunod na kolektibong diskurso ay epektibong nagpapalawak at nagpapalalim sa interpretasyon ng mag-aaral. Sa bahaging ito inilalapat ang mga didaktikong teknik, tulad ng pagtatasa ng kapwa, pormatibong puna, at gabay na talakayan, upang palakasin ang metakognisyon, kolaboratibong pag-unawa, at etikal na partisipasyon.

Bilang panlabas na bahagi ng pigura, ang aktibong pakikilahok ay inilalarawan bilang parehong layunin at mekanismong nagpapatibay sa pagkatuto. Ayon kay Rodrigues (2023), ang aktibong pakikilahok ay hindi lamang ang pagiging naroroon kundi ang sistematikong partisipasyon na kinabibilangan ng planadong pagbabahagi ng pananaw, kritikal na pagtanggap at pagbibigay ng puna, at produktibong kolaborasyon—mga gawain na nagsisilbing instrumentong metakognitibo at daluyan ng kolektibong konstruksyon ng kahulugan. Upang matamo ang mataas na kalidad ng pakikilahok, ayon kina Buhumaid et al. (2024), ang pagdidisenyo ng malinaw na

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pamantayan sa talakayan, angkop na mekanismo ng pormatibong puna at paghahanda para sa susunod na hakbang, at estrukturang pangkatan na sinasadyang itinatag upang maging heteroheneyo at inklusibo ang maliit na pangkat. Sa ganitong paraan, natitiyak ang pagkakapantay-pantay ng boses.

Dagdag pa rito, binibigyang-diin ng balangkas na ang pagsasanib ng replektibong pagmumuni at diskursibong interaksyon ay may potensyal na magdulot ng pagbabago sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Upang patunayan ang kaugnayang sanhi *(causal effect)* ng lapit na ito, bahagi rin ng pag-aaral ang pauna at pangwakas na pagsusulit na magsisilbing batayan sa bisa ng interbensyon.

### *B. Layunin ng Pag-aaral*

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay magsagawa ng isang masusing pagsusuri sa bisa ng integratibong metodolohiyang pagbasa, na kinabibilangan ng replektibong pagmumuni at diskursibong talakayan, sa paglinang ng kognitibo at interpretatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa kursong GE FIL 3: Dalumat ng/sa Filipino. Partikular na nilalayon ng pag-aaral na:

1. Mataya ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng pagsusulit bago (pretest) at pagkatapos (posttest) ng implementasyon ng interbensyong pedagohikal na nakabatay sa Teoryang Kapwa.
2. Tukuyin at suriin ang mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan na lumitaw sa proseso ng implementasyon ng interbensyong pedagohikal, kabilang ang mga aspektong lingguwistiko, motibasyonal, at iba pang kaugnay na didaktikong dimensyon.

## II. METODO

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kombinadong metodo *(mixed methods approach)* upang masusing suriin ang bisa ng integratibong pagbasa, replektibong pagmumuni at diskursibong interaksyon, sa paglinang ng kognitibo at interpretatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan. Ang disenyo ng pag-aaral ay nakabatay sa Teoryang Kapwa ni Enriquez, na nagsusulong ng relasyunal na pananaw sa pagkatuto, at sinusuportahan ng Siklo ng Karanasang Pagkatuto ni Kolb, na nagbibigay-diin sa karanasan, pagmumuni, abstarktong konseptuwalisasyon, at aktibong aplikasyon. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng mga teoretikal na balangkas na ito, nilalayon ng pag-aaral na tuklasin ang pagbasa bilang ugnayang replektibo at diskursibo sa konteksto ng mas mataas na edukasyon.

Isinagawa ang pananaliksik sa Nueva Ecija University of Science and Technology, Kampus ng Atate, sa loob ng unang semestre, at nilahukan ng tatlumpung (30) mag-aaral mula sa kursong GE FIL 3: Dalumat ng/sa Filipino. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng purposibong pamamaraan ng pagkuha ng sampol, batay sa kanilang aktibong partisipasyon sa klase at pagkakalantad sa mga akdang pampanitikan na nakapaloob sa kurikulum. Itinakda ang bilang na tatlumpu (30) sapagkat ito ay nagbibigay ng sapat na datos para sa pagsusuri ng interbensyon habang nananatiling praktikal ang pangangalap at pagsusuri ng impormasyon. Ayon kay Lakens (2022), ang

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pagbibigay-katwiran sa bilang ng sampol ay dapat nakabatay sa metodolohikal na layunin at kalidad ng datos, hindi lamang sa dami ng kalahok. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Sathyanarayana, Mohanasundaram at Pushpa (2024) na sa mga *mixed-method* na pananaliksik, mas mahalaga ang lalim ng datos kaysa lawak ng representasyon, kaya't katanggap-tanggap ang mas maliit na bilang ng kalahok. Dagdag pa rito, ipinapakita sa pag-aaral nina Nyimbili at Nyimbili (2024) na ang *purposive sampling* ay lehitimong pamamaraan kahit limitado ang bilang ng sampol, basta't malinaw ang pamantayan sa pagpili ng kalahok. Ang pagpili ay nakabatay sa malinaw na pamantayan tulad ng regular na pagdalo sa klase, aktibong pakikilahok sa mga talakayan na bahagi ng kurikulum, at direktang pagkakalantad sa mga akdang pampanitikan na pangunahing pokus ng asignatura. Sa pamamagitan ng mga pamantayang ito, natitiyak na ang mga kalahok ay may kaugnayan at kakayahang magbigay ng makabuluhang datos. Ang dami ng tatlumpu ay naaayon sa karaniwang pamantayan sa mga pananaliksik na gumagamit ng *mixed-method approach*, kung saan higit na binibigyang-halaga ang kalidad ng datos kaysa sa lawak ng representasyon. Gayunpaman, kinikilala ng pananaliksik na ang limitadong bilang ng kalahok ay maaaring magpigil sa malawak na generalisasyon ng resulta, kaya't ang interpretasyon ng mga natuklasan ay dapat ilapat sa konteksto ng tiyak na asignatura at institusyon.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa tatlong yugto upang mataya ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan bago at pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong pedagohikal. Sa paunang yugto, isinagawa ang paunang pagsusulit na naglalayong sukatin ang baseline, o panimulang antas ng pag-unawa ng mga kalahok. Kasabay nito ang inisyal na panayam upang matukoy ang kanilang paunang pananaw at karanasan sa pagbasa ng panitikan, pati ang oryentasyon hinggil sa Teoryang Kapwa at sa mga modalidad ng pagbasa na gagamitin sa interbensyon. Sa ikalawang yugto, ipinatupad ang siklihikal na proseso ng pagkatuto na kinabibilangan ng regular na replektibong aktibidad at nakabalangkas na pangkatang talakayan, alinsunod sa pedagohikal na disenyo ng pag-aaral. Sa panapos na yugto, isinagawa ang pangwakas na pagsusulit upang masukat ang pagbabago sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Kasunod nito ang pinal na panayam at ebalwasyon ng kabuuang proseso ng interbensyon. Sa ganitong paraan, naging sistematiko ang pagtaya sa epekto ng interbensyon sa pag-unawa ng mga kalahok.

Upang makuha ang kinakailangang datos, ginamit ang apat na pangunahing instrumento. Una, ang sariling gawang pagsusulit sa pag-unawa na binubuo ng pauna at pangwakas na pagsusulit upang masukat ang antas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan. Pinahusay ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng kapwa mananaliksik na eksperto sa larangan upang matiyak ang bisa ng nilalaman. Ikalawa, isinagawa ang bahagyang nakabalangkas na panayam upang makuha ang karanasan ng mga mag-aaral sa diskursibong pagbasa, sa anyo ng indibidwal at pangkatang talakayan. Ikatlo, ginamit ang repleksyong dyornal bilang dokumentasyon ng personal na tala ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pagbasa. Ikaapat, isinagawa ang pagsusuri ng diskurso sa pamamagitan ng pagtatala at transkripsyon ng mga pangkatang talakayan, na ginamit sa pagsusuri ng mga gabay sa kolaboratibong pagbuo ng kahulugan.

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Ang pagsusuri ng kwantitatibong datos mula sa pagsusulit sa pag-unawa ay isinagawa sa pamamagitan ng deskriptibong estadistika, partikular ang pagsusuri ng pagkakaiba ng pauna at pangwakas na iskor upang matukoy ang pagbabago sa antas ng pag-unawa bago at pagkatapos ng interbensyon. Samantala, ang kwalitatibong datos mula sa panayam, dyornal, at diskurso ay isinailalim sa tematikong analisis upang matukoy ang mga *pattern*, tema, at salik na may kaugnayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Isinagawa ang pananaliksik alinsunod sa mga pamantayang etikal sa akademikong pananaliksik. Bago ang implementasyon, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, pamamaraan, at saklaw ng pag-aaral. Kinolekta ang nakasulat na pahintulot mula sa bawat kalahok, at binigyang-diin ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang anumang obligasyon o parusa. Upang mapanatili ang kumpidensyalidad, gumamit ng mga alyas sa lahat ng publikasyong may kaugnayan sa datos ng kalahok, at maingat na iniimbak ang mga datos sa protektadong imbakan. Tiniyak ng mga mananaliksik na ang pag-aaral ay may positibong epekto sa mga kalahok, kabilang ang pagbibigay ng malinaw na puna at pagbabahagi ng mga resulta. Isinagawa ang makatarungan at walang kinikilingang pagpili ng mga kalahok, at pantay-pantay ang pagtrato sa lahat ng mga kalahok sa buong proseso ng pananaliksik.

## III. RESULTA AT DISKUSYON

### A. *Antas ng Pag-Unawa ng mga Mag-Aaral sa mga Akdang Pampanitikan Bago at Pagkatapos ng Implementasyon ng Interbensyong Pedagohikal na Nakabatay sa Teoryang Kapwa*

Makikita sa *Talahanayan 1* ang sintesis ng resulta ng pagtataya sa antas ng pag-unawa ng tatlumpung mag-aaral sa mga akdang pampanitikan, bago at pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong pedagohikal na nakabatay sa Teoryang Kapwa. Inilalahad dito ang iskor sa pauna at pangwakas na pagsusulit ng bawat kalahok, ang numerikal na pagtaas o pagbaba ng marka, ang katumbas na porsyento ng pagtaas batay sa paunang iskor, at ang kaukulang kategorya ng pag-unlad sa pag-unawa alinsunod sa itinakdang iskala.

**Talahanayan 1.**

*Resulta ng Paunang Pagsusulit (Bago ang Interbensyon) at Pangwakas na Pagsusulit (Pagkatapos ng Interbensyon) sa Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa mga Akdang Pampanitikan Batay sa Interbensyong Pedagohikal na Nakaugat sa Teoryang Kapwa.*

| Mag-aaral | Paunang Iskor | Pangwakas na Iskor | Pagtaas | % Pagtaas | Kategorya ng Pag-unlad |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 84 | 88 | +4 | 4.76% | Bahagyang Tumaas |
| 2 | 71 | 80 | +9 | 12.68% | Katamtamang Pagtaas |

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

| Mag-aaral | Paunang Iskor | Pangwakas na Iskor | Pagtaas | % Pagtaas | Kategorya ng Pag-unlad |
|---|---|---|---|---|---|
| 3 | 70 | 82 | +12 | 17.14% | Katamtamang Pagtaas |
| 4 | 81 | 85 | +4 | 4.94% | Bahagyang Tumaas |
| 5 | 65 | 80 | +15 | 23.08% | Katamtamang Pagtaas |
| 6 | 88 | 82 | -6 | -6.82% | Bumaba |
| 7 | 82 | 90 | +8 | 9.76% | Katamtamang Pagtaas |
| 8 | 82 | 88 | +6 | 7.32% | Bahagyang Tumaas |
| 9 | 81 | 87 | +6 | 7.41% | Bahagyang Tumaas |
| 10 | 68 | 75 | +7 | 10.29% | Bahagyang Tumaas |
| 11 | 85 | 88 | +3 | 3.53% | Bahagyang Tumaas |
| 12 | 84 | 88 | +4 | 4.76% | Bahagyang Tumaas |
| 13 | 83 | 85 | +2 | 2.41% | Bahagyang Tumaas |
| 14 | 73 | 85 | +12 | 16.44% | Katamtamang Pagtaas |
| 15 | 81 | 82 | +1 | 1.23% | Bahagyang Tumaas |
| 16 | 82 | 93 | +11 | 13.41% | Katamtamang Pagtaas |
| 17 | 78 | 88 | +10 | 12.82% | Katamtamang Pagtaas |
| 18 | 75 | 87 | +12 | 16.00% | Katamtamang Pagtaas |
| 19 | 67 | 75 | +8 | 11.94% | Katamtamang Pagtaas |
| 20 | 82 | 88 | +6 | 7.32% | Bahagyang Tumaas |
| 21 | 77 | 88 | +11 | 14.29% | Katamtamang Pagtaas |
| 22 | 84 | 88 | +4 | 4.76% | Bahagyang Tumaas |
| 23 | 71 | 82 | +11 | 15.49% | Katamtamang Pagtaas |
| 24 | 70 | 80 | +10 | 14.29% | Katamtamang Pagtaas |
| 25 | 81 | 90 | +9 | 11.11% | Katamtamang Pagtaas |
| 26 | 77 | 75 | -2 | -2.60% | Bumaba |

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

| Mag-aaral | Paunang Iskor | Pangwakas na Iskor | Pagtaas | % Pagtaas | Kategorya ng Pag-unlad |
|---|---|---|---|---|---|
| 27 | 88 | 96 | +8 | 9.09% | Katamtamang Pagtaas |
| 28 | 82 | 88 | +6 | 7.32% | Bahagyang Tumaas |
| 29 | 82 | 82 | 0 | 0.00% | Walang Pagbabago |
| 30 | 81 | 87 | +6 | 7.41% | Bahagyang Tumaas |

**Tagapangasiwa ng pagtataya:** Dara Mae T. Fernandez
**Batayan ng Kategorya ng Pag-unlad:**

- Bumaba – kung ang iskor ng mag-aaral ay nabawasan mula -1 hanggang -10
- Walang Pagbabago – kung walang naging pagbaba o pagtaas sa iskor (0)
- Bahagyang Tumaas – kung ang iskor ay tumaas mula +1 hanggang +7
- Katamtamang Pagtaas – kung ang iskor ay tumaas mula +8 hanggang +15
- Malaki ang Pagtaas – kung ang iskor ay tumaas ng +16 at higit pa

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng empirikal na ebidensya ng pagbabago sa antas ng pag-unawa ng tatlumpung (n=30) mag-aaral sa mga akdang pampanitikan, bago at pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong pedagohikal na nakabatay sa Teoryang Kapwa. Sa kabuuan, dalawampu't pito (n=27; 90%) sa mga kalahok ang nagtala ng pagtaas ng marka, dalawa (n=2; 6.67%) ang bumaba, at isa (n=1; 3.33%) ang walang naging pagbabago. Ang distribusyong ito ay nagpapahiwatig ng malawakang positibong tugon sa interbensyon, na hindi lamang nakabatay sa numerikal na pagtaas kundi sa mas malalim na pag-unlad sa kognitibo at interpretatibong kasanayan.

Ang mga mag-aaral na napabilang sa kategoryang *Bahagyang Tumaas* (n=13; 43.33%) ay nagtala ng pagtaas mula +1 hanggang +7 puntos, na may katumbas na porsyento mula 1.23% hanggang 7.41%. Ang limitadong paggalaw sa iskor ay maaaring maiugnay sa paunang mataas na antas ng pag-unawa ng mga kalahok, kung saan ang interbensyon ay nagsisilbing *reinforcement* sa dating kaalaman. Ayon sa pag-aaral nina Schurmann et al (2025), ang mga mag-aaral na may matibay nang pundasyon sa pagkatuto ay mas nakikinabang sa regular na repleksyon bilang paraan ng konsolidasyon ng dating kaalaman. Sa halip na magpakita ng malalaking pagtaas, ang kanilang pag-unlad ay mas nakatuon sa paglalim ng pag-unawa at pag-aayos ng dating konsepto. Ito ay tumutugma sa obserbasyong ang bahagyang pagtaas ay maaaring indikasyon ng mas sistematikong pagproseso ng impormasyon kaysa sa simpleng pagdaragdag ng puntos.

Sa kabilang banda, ang mga nasa *Katamtamang Pagtaas* (n=14; 46.67%) ay nagtala ng pagtaas mula +8 hanggang +15 puntos, na may porsyento mula 9.09% hanggang 23.08%. Ang mas malawak na saklaw ng pagtaas sa grupong ito ay nagpapahiwatig ng aktibong paglahok sa mga diskurso, mas malalim na repleksyon, at mas bukas na pagbuo ng kolektibong kahulugan. Batay sa pananaliksik nina Keramati et al. (2024), ang mga mag-aaral na nakikilahok sa kolaboratibong pagkatuto sa mga replektibong plataporma ay mas nagkakaroon ng akademikong tagumpay. Ang kanilang aktibong partisipasyon sa diskurso ay nagiging daan sa mas malalim na pag-unawa, bagay na malinaw na nasasalamin sa mas mataas na pagtaas ng marka sa grupong ito.

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Ang dalawang mag-aaral na bumaba ang marka ay nagtala ng -2 at -6 puntos, na katumbas ng -2.60% at -6.82% na pagbaba. Bagamat minoridad, ang pagbaba ay mahalagang pagtuunan ng pansin, sapagkat maaaring sumasalamin ito sa mga salik gaya ng emosyonal na kalagayan, kakulangan sa motibasyon, o hindi sapat na pag-angkop sa relasyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Sa konteksto ng kolaboratibong pagkatuto, ipinakita sa pag-aaral nina Singh et al. (2020) na ang aktibong pagbabahagi ng interpretasyon at pakikinig sa kapwa ay mahalaga sa pagbuo ng mas masalimuot na kahulugan. Kung ang isang mag-aaral ay hindi nakilahok nang sapat sa prosesong ito, maaaring dahil sa personal na salik o kawalan ng koneksyon ng grupo, ang epekto ng interbensyon ay maaaring hindi lumitaw o magresulta pa sa pagbaba ng marka.

Ang isang mag-aaral na walang pagbabago (0.00%) ay maaaring nasa antas ng *saturation*, kung saan ang dating kaalaman ay hindi naantig ng interbensyon. Sa ganitong kaso, maaaring ang mag-aaral ay hindi nakaranas ng sapat na kognitibong disonansiya upang muling suriin ang dating pananaw, o kaya'y hindi naging bukas sa relasyunal na dimensyon ng pagkatuto. Muli, ang pag-aaral nina Singh et al. (2020) ay nagpapahiwatig na ang bisa ng kolaboratibong pagkatuto ay nakasalalay sa aktibong partisipasyon, isang aspeto na maaaring kulang sa mag-aaral na hindi nagpakita ng pagtaas.

Sa mas malalim na pagsusuri, makikita na ang interbensyon ay hindi lamang nakatuon sa pagpapataas ng marka kundi sa pagbubukas ng espasyo para sa kolektibong pagkatuto. Sa halip na ituring ang pagbasa bilang solong kognitibong aktibidad, ito ay isinasagawa bilang relasyunal na proseso – isang dinamikong interaksyon ng repleksyon, pagbabahagi, at pagbuo ng kahulugan. Ang mga mag-aaral ay hindi lamang tumatanggap ng impormasyon kundi aktibong nakilahok sa paglikha ng interpretasyon, gamit ang sariling karanasan, pananaw, at ugnayan sa kapwa.

Ang pagtaas ng marka ng 90% ng mga kalahok ay hindi simpleng indikasyon ng tagumpay ng interbensyon, kundi patunay ng bisa sa pedagohikal na disenyo na nakatuon sa ugnayan, empatiya, at kolektibong kamalayan. Sa mga talakayan, ang mga paunang interpretasyon ay hindi lamang isinailalim sa pagsusuri kundi pinayayaman sa pamamagitan ng kritikal na pagtanggap ng puna, etikal na pakikilahok, at produktibong kolaborasyon. Ayon sa pag-aaral nina Maré et al. (2025), ang *shared metacognition* sa loob ng *community of inquiry* ay nagpapalalim sa partisipasyon ng mga mag-aaral, at nagdudulot ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga diskursong akademiko. Ang ganitong uri ng interaksyon ay nagpapalakas ng metakognisyon ng mga mag-aaral, ang kakayahang pag-isipan ang sariling pag-iisip, na mahalaga sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

Bukod sa kognitibong pag-unlad, ang interbensyon ay nagpalitaw ng mga dimensyong panlipunan at etikal sa pagkatuto. Ang pagbibigay-diin sa pakikipagkapwa ay nagbukas ng espasyo para sa inklusibong talakayan, kung saan ang bawat boses ay may halaga, at ang bawat pananaw ay kinikilala. Batay sa pananaliksik nina Kudrnáč et al. (2024), ang empatiya ay mahalagang salik sa pagsuporta sa inklusibong edukasyon, sapagkat ito ang nagpapalalim sa pag-unawa sa iba't ibang pananaw at karanasan sa loob ng silid-aralan. Ang ganitong disposisyon ay tumutugma sa layunin ng interbensyon na itaguyod ang kolektibong kamalayan at etikal na pakikilahok. Sa ganitong konteksto, ang

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pag-unawa sa panitikan ay hindi lamang pag-unawa sa teksto kundi pag-unawa sa sarili bilang bahagi ng komunidad ng mambabasa.

Sa kabuuan, ang resulta ng pagtataya ay nagpapakita ng malawakang epekto ng interbensyong pedagohikal na nakabatay sa Teoryang Kapwa. Ang mga datos ay nagsisilbing patunay na ang ganitong pagkatuto ay hindi lamang alternatibo sa tradisyonal na pamamaraan, kundi isang makataong balangkas na humuhhubog sa mas malalim, mas inklusibo, at mas etikal na pag-unawa sa panitikan. Sa ganitong pananaw, ang edukasyon ay hindi lamang teknikal na proseso ng pagpapasa ng kaalaman, kundi isang ugnayang humuhubog sa kamalayan, pagkatao, at pakikipagkapwa.

### B. Mga Salik na Nakaaapekto sa Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa mga Akdang Pampanitikan, na Lumitaw sa Proseso ng Implementasyon ng Interbensyong Pedagohikal

Ang bahaging ito ay naglalayong tukuyin at suriin ang mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan batay sa resulta ng bahagyang nakabalangkas na panayam, repleksyong dyornal, at transkripsyon ng mga pangkatang talakayan. Sa pamamagitan ng tematikong analisis, natukoy ang tatlong pangunahing tema: lingguwistikong hamon, motibasyonal na kondisyon, at didaktikong ugnayan. Ang mga sipi mula sa mga kalahok ay hindi inilalahad upang kumatawan sa kabuuan ng tugon ng lahat ng mag-aaral, kundi upang ilarawan ang mga *pattern* ng karanasan na lumitaw sa kabuuang datos.

#### 1. Lingguwistikong hamon.

Ang tema ng lingguwistikong hamon ay tumutukoy sa mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga akdang pampanitikan dahil sa wika, maging ito'y bokabularyo, estruktura ng pangungusap, matalinhagang pahayag, o kontekstong kultural. Sa implementasyon ng interbensyong pedagohikal, lumitaw ang temang ito sa panayam, dyornal, at transkripsyon ng mga talakayan.

Batay sa mga pahayag ng mga mag-aaral, malinaw na ang wika ng akda, lalo na ang paggamit ng matalinhagang pananalita, malalim na bokabularyo, at simbolismo, ay nagsisilbing hadlang sa kanilang pag-unawa. Ang ilang mag-aaral ay nagpakita ng pagkalito sa literal na kahulugan ng mga salita, habang ang iba ay nahirapan sa pagbuo ng mas malalim na interpretasyon dahil sa kakulangan sa kontekstuwal na kaalaman.

Sa ganitong konteksto, mahalagang tandaan na ang kakayahang lingguwistiko ay hindi lamang tungkol sa pagdedekoda ng salita, kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga kahulugang hindi tahasang binabanggit. Tulad ng binanggit nina Kritsotakis at Morfidi (2024), ang mga mag-aaral na may limitadong kasanayan sa wika ay kadalasang nahihirapang unawain ang mga pahiwatig, metapora, at implikasyong nakapaloob sa akda—mga elementong mahalaga sa masining na pagbasa ng panitikan.

Sa madaling salita, ang kakulangan sa kasanayang lingguwistiko ay nagiging sagabal sa pagbuo ng mas malalim na koneksyon sa akda. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga interbensyong pedagohikal ay hindi lamang dapat nakatuon sa diskurso, kundi dapat ding isaalang-alang ang eksplisit na pagtuturo ng mga estratehiya sa pag-unawa

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

sa wika ng panitikan. Sa pamamagitan nito, mas matutulungan ang mga mag-aaral na lampasan ang hadlang ng wika at makapasok sa mas malalim na antas ng interpretasyon.

**Talahanayan 2.**
*Mga pahayag ng mag-aaral kaugnay sa lingguwistikong hamon*

| Mag-aaral | Iskor | Pinagmulan | Pahayag |
|---|---|---|---|
| 17 | -6.82% | Panayam | "Nahihirapan po ako sa mga salitang malalalim, lalo na 'yung may matalinghagang kahulugan." |
| 4 | +3.45% | Dyornal | "Hindi ko agad naintindihan 'yung 'daigdig' sa tula ni Abadilla. Akala ko literal, pero may mas malalim pala." |
| 11 | +5.26% | Transkripsyon | "Mas naiintindihan ko kapag may nagpapaliwanag sa klase. Mahirap kapag ako lang mag-isa sa mga salitang 'di ko alam." |
| 28 | +2.63% | Dyornal | "Yung mga salitang ginagamit sa akda, minsan parang hindi pangkaraniwan kaya nakakalito." |
| 7 | +6.89% | Panayam | "May mga bahagi ng tula na parang sobrang lalim ng Tagalog, hindi ko alam kung ano talaga ang ibig sabihin." |

Bukod dito, ang pag-unawa sa panitikan ay hindi hiwalay sa ugnayan ng mambabasa sa kapwa. Sa liwanag ng Teoryang Kapwa, ang pagkatuto ay isang relasyunal na proseso kung saan ang kaalaman ay mas epektibong nabubuo sa konteksto ng pakikibahagi, pakikinig, at pagbabahagi ng pananaw. Sa ganitong balangkas, ang kakulangan sa kasanayang lingguwistiko ay maaaring mapunan sa pamamagitan ng interaksyong nakaugat sa kapwa, kung saan ang paliwanag ng iba ay nagsisilbing tulay sa pag-unawa. Ang diskurso ay hindi lamang akademikong estratehiya, kundi isang etikal na espasyo ng pagdama at pag-unawa, na nagpapalalim sa koneksyon ng mambabasa sa akda at komunidad ng mambabasa. Sa pananaw ng Panlipunang Konstruktibismo, ang pagkatuto ay nagaganap sa konteksto ng interaksyon—isang proseso kung saan ang kaalaman ay hinuhubog sa pamamagitan ng diskurso, kolaborasyon, at pagbabahagi ng pananaw (Kushki & Nassajii, 2024). Nangangahulugan ito na ang pag-unawa sa panitikan ay hindi hiwalay sa ugnayan ng mambabasa sa kapwa, kundi nakaugat sa relasyunal na pagbuo ng kahulugan sa wika nito.

2. ***Motibasyonal na kondisyon.***

Ang motibasyon sa pagbasa ay hindi isang likas na katangian na palaging aktibo sa bawat mag-aaral; ito ay isang dinamikong proseso na hinuhubog ng ugnayan ng panloob na salik – gaya ng personal na interes, layunin, at emosyon – at panlabas na salik tulad ng konteksto ng pagtuturo at interaksyon sa kapwa. Sa larangan ng pagbasa ng panitikan, ang motibasyon ang nagsisilbing tapagpagana ng kognitibong atensyon at interpretatibong kakayahan. Kapag ang isang akda ay nakaantig sa karanasan ng mambabasa, o kung ang talakayan ay nagbibigay ng pagkakataon para sa pagbabahagi ng pananaw, ang motibasyon ay lumalakas at nagiging daan sa mas malalim na pag-unawa.

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

**Talahanayan 3**.
*Mga pahayag ng mag-aaral na may kaugnayan sa motibasyon sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan*

| Mag-aaral | Iskor | Pinagmulan | Pahayag |
|---|---|---|---|
| 9 | -2.60% | Dyornal | "May mga araw po na parang wala akong gana. Parang hindi ko ma-absorb 'yung binabasa." |
| 15 | +1.72% | Panayam | "Kapag hindi ko relate ang akda, parang wala akong interes basahin." |
| 6 | +10.34% | Transkripsyon | "Mas motivated ako kapag may talakayan. Doon ako nagkakaroon ng interes." |
| 25 | +13.79% | Dyornal | "Kapag may nagtatanong sa klase, napipilitan akong mag-isip. Doon ako natututo." |
| 30 | -3.45% | Panayam | "Minsan po parang hindi ko alam kung bakit kailangan pa 'tong basahin." |

Ang pagsusuri sa motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan ay nagbunga ng apat na temang nagpapakita ng ugnayan ng emosyonal, kognitibo, at sosyal na salik sa kanilang pag-unawa. Ang unang tema ay tumutukoy sa kawalan ng personal na koneksyon sa akda, na malinaw na naipahayag ni Mag-aaral 15 sa kanyang saloobin hinggil sa kawalan ng interes kapag hindi niya nauugnay ang akda sa sariling karanasan. Ipinapahiwatig nito na ang emosyonal na distansya sa teksto ay nagdudulot ng paglayo sa aktibong pagpoproseso ng impormasyon. Sa pananaw ng Panlipunang Konstruktibismo, ang pagkatuto ay nakaugat sa makabuluhang interaksyon sa kapaligiran; kung kaya't ang akdang pampanitikan ay dapat na maiugnay sa realidad ng mag-aaral upang maging epektibong daluyan ng pag-unawa. Suportado ito ng pag-aaral nina Oyserman et al. (2021), kung saan ipinakita na ang motibasyon ng mga mag-aaral ay mas tumitindi kapag ang mga aktibidad sa klase ay may kaugnayan sa kanilang personal na identidad at karanasan, na siyang nagpapalalim sa kanilang pakikilahok at pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan.

Ang ikalawang tema ay nagpapakita ng bisa ng interaktibong talakayan bilang tagapagpalalim ng motibasyon. Sa pahayag ni Mag-aaral 6, binigyang-diin ang pagtaas ng interes sa tuwing may talakayan sa klase. Ang ganitong karanasan ay nagpapahiwatig ng aktibong partisipasyon sa diskurso, kung saan ang pagbabahagi ng pananaw ay nagiging daan sa mas malawak na interpretasyon. Sa pananaliksik ni Odod (2025), lumitaw na ang mga interaktibong gawain tulad ng tematikong diskurso ay epektibong nakapagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan, lalo na kung ang mga diskurso ay nakaangkla sa lokal na karanasan at kontekstong pangkultura ng mga kalahok. Sa ganitong konteksto, ang Teoryang Kapwa ay nagbibigay-liwanag sa papel ng ugnayan sa kapwa bilang mahalagang salik sa pagkatuto. Ang talakayan ay hindi lamang espasyo ng pagpapahayag kundi isang mekanismo ng kolektibong konstruksyon ng kahulugan.

Ang ikatlong tema ay nauugnay sa pagkilos ng kognisyon sa harap ng sosyal na presyon, gaya ng ipinahayah ni Mag-aaral 25. Sa kanyang karanasan, ang pagtatanong ng guro o kaklase ay nagsisilbing puwersa upang mapilitan siyang mag-isip at matuto.

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Ipinapakita nito na ang interaksyon sa kapwa ay maaaring magsilbing katalisador ng kognitibong aktibidad. Sa ilalim ng Panlipunang Konstruktibismo, ang ganitong ugnayan ay mahalaga sa pagbuo ng kaalaman, sapagkat ang pagkatuto ay hindi nagaganap sa *vacuum* kundi sa kontekstong may aktibong pakikilahok at kolaborasyon. Ang ganitong pananaw ay pinagtibay sa pag-aaral nina Castillo at Hernandez (2024), kung saan natuklasan na ang mga aktibidad na may elementong interaktibo, gaya ng *peer questioning, guided analysis,* at tematikong diskurso, ay nagpapapasigla ng kognitibong paggalaw at nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan.

Ang ikaapat na tema ay tumutukoy sa kakulangan sa didaktikong konteksto bilang sanhi ng demotibasyon, na malinaw sa pahayag ni Mag-aaral 30. Ang kawalan ng malinaw na layunin sa pagbasa ay nagdudulot ng pagkalito at kawalan ng direksyon sa pagkatuto. Ang pagbibigay ng malinaw na layunin sa bawat yugto ng pagbasa, mula sa pag-unawa sa konteksto hanggang sa pagbabahagi ng interpretasyon, ay nakapagpapataas ng *literary comprehension* at aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa klase (Marbani & Ngilangil, 2025). Sa ganitong kalagayan, ang Siklo ng Pagkatuto ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kongkretong karanasan, pagmumuni-muni, abstraktong konseptuwalisasyon, at aktibong aplikasyon. Kung ang akda ay hindi naipapaliwanag sa kontekstong makabuluhan sa mga mag-aaral, nawawala ang saysay ng pagbasa at nagiging mekanikal ang proseso ng pag-unawa.

Bukod sa apat na pangunahing tema, isang karagdagang salik ang lumitaw sa pahayag ni Mag-aaral 9, na nagpapahiwatig ng sikolohikal na kondisyon bilang hadlang sa pagbasa. Ang kawalan ng gana at kakayahang tumanggap ng impormasyon ay maaaring bunga ng emosyonal na pagkapagod o kawalan ng suporta. Lumitaw sa pagsusuri nina Benedicto et al. (2023), na ang mataas na antas ng *psychological distress* ay may negatibong epekto sa kakayahang magproseso ng impormasyon, at ang kakulangan sa emosyonal na suporta mula sa kapaligiran ng pagkatuto ay nagpapalala sa kawalan ng motibasyon sa akademikong gawain. Sa ganitong kalagayan, mahalagang isaalang-alang ang holistikong pagtingin sa mag-aaral bilang isang kabuuan—may damdamin, pangangailangan, at kontekstong panlipunan. Ang guro ay may tungkuling lumikha ng ligtas at suportadong kapaligiran sa pagkatuto upang matugunan ang ganitong uri ng hadlang.

Sa kabuuan, ang mga temang lumitaw sa tematikong pagsusuri ay nagpapahiwatig ng pangangailangang muling pag-isipan ang pedagohikal na disenyo sa pagtuturo ng panitikan. Ang pagbasa ng akdang pampanitikan ay hindi dapat ituring na simpleng akademikong gawain, kundi isang proseso ng paglalantad ng sarili sa mga karansang makatao. Sa pamamagitan ng integrasyon ng Teoryang Kapwa, Siklo ng Pagkatuto, at Panlipunang Konstruktibismo, maaaring makabuo ng mas inklusibo, makabuluhan, at motibasyonal na kapaligiran sa pagkatuto.

***3. Didaktikong ugnayan.***

Ang didaktikong uganayan ay tumutukoy sa papel ng interaksyon sa pagitan ng mga guro, kaklase, at mag-aaral sa paghubog ng mas malalim na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan. Nagpapakita ang mga pahayag sa ibaba ng bisa ng didaktikong

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

uganayan sa pagpapalalim ng pag-unawa sa akda ng mga mag-aaral. Mula sa mga transkripsyon, dyornal, at panayam, lumilitaw ang mga karanasang nagpapakita ng paglipat mula sa limitadong pananaw patungo sa mas masalimuot na interpretasyon na bunga ng interaksyon sa kapwa.

**Talahanayan 4.**
*Mga pahayag ng mag-aaral sa ilalim didaktikong uganyan*

| Mag-aaral | Iskor | Pinagmulan | Pahayag |
|---|---|---|---|
| 21 | +12.00% | Transkripsyon | "Ang dating kong pananaw sa karakter ay nagbago matapos kong marinig ang paliwanag ng aking kaklase; mula sa pagiging mahina, nakita ko ang posibilidad ng kanyang katatagan." |
| 13 | +15.00% | Panayam | "Ang interpretasyon ng aking kaklase ay nakatulong upang mas maunawaan ko ang mensahe ng akda, lalo na sa mga bahagi na hindi ko agad naintindihan." |
| 5 | +8.62% | Dyornal | "Ang talakayan sa klase ay nagsilbing salamin kung saan naipapakita ang akda mula sa iba't ibang perspektibo, na siyang nagpapalawak ng aking pag-unawa." |
| 19 | +10.34% | Transkripsyon | "Ang mga tanong na ibinabato sa klase ay nakatutulong upang makita ko ang akda sa mas malalim at mas kritikal na paraan." |
| 2 | +6.89% | Dyornal | "Sa tuwing may diskusyon, mas lumilinaw sa akin ang tema ng akda at ang mga kaugnay nitong ideya na dati ay hindi ko napapansin." |

Batay sa datos sa Talahanayan 4, masasalamin ang mahalagang papel ng didaktikong ugnayan sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Sa pahayag ni Mag-aaral 21, makikita ang transisyon mula sa payak na pagtingin sa tauhan patungo sa mas masalimuot na pagsusuri, isang indikasyon ng pag-usbong ng kognitibong elaborasyon na naudyok ng interaksyong pangkapwa. Hindi na lamang personal ang pag-unawa, kundi ito ay naisasalin sa kolektibong diskurso. Pinatutunayan ito ng pananaliksik nina Delima et al. (2024), na nagsuri sa bisa ng kolaboratibong pagkatuto sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa. Sa kanilang pag-aaral, lumitaw na ang aktibong pakikilahok sa talakayan, pagbabahagi ng interpretasyon, at pagbibigay ng *peer feedback* ay nakapagpapasigla ng interes at nakapagpapalalim ng pag-unawa. Ito ay dahil sa pagbubukas ng espasyo para sa kritikal na pagninilay, pag-uugnay ng personal na karanasan, at pagbuo ng mas malawak na pananaw hinggil sa nilalaman ng akda.

Sa isang pahayag, nagpapakita ng pag-amin si Mag-aaral 13 sa limitasyon ng sariling interpretasyon, at kinikilala ang ambag ng kaklase sa pagpapalinaw ng mensahe ng akda. Ipinapahiwatig nito ang bisa ng pedagohikal na andamyo, kung saan ang pagkatuto ay naisasakatuparan sa tulong ng kapwa, alinsunod sa pananaw ng Panlipunang Konstruktibismo. Sa pananaliksik nina Gagno (2022) at Tangalin (2023), binigyang-diin na ang mga estratehiyang nakabatay sa *peer-assisted learning* at *guided group discussion* ay nakatutulong sa paglinang ng mas malalim na interpretasyon sa mga tekstong pampanitikan. Ang pagbabahagian ng mga pananaw ay nagsisilbing tulay

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

upang mapunan ang kakulangan sa indibidwal na pag-unawa, at sa gayon ay naisasakatuparan ang kolektibong konstruksyon ng kahulugan.

Ang pahayag ni Mag-aaral 5 ay nagpapahiwatig ng metakognitibong kamalayan, kung saan ang talakayan ay nagsisilbing daluyan ng replektibong pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng pananaw, ang akda ay nagiging intersubhetibo. Ayon kay Ontog (2024), ang metakognitibong kamalayan ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa. Ang kakayahang magmuni-muni sa sariling pag-unawa ay nakatutulong sa mas masalimuot na interpretasyon ng teksto. Dagdag pa rito, ipinakita nina Bernardo at Mante-Estacio (2023) na ang paggamit ng metakognitibong estratehiya ay may direktang kaugnayan sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga tekstong pampanitikan, batay sa pagsusuri ng datos mula sa PISA.

Samantala, si Mag-aaral 19 ay tumutukoy sa tanong bilang mekanismo ng kritikal na pag-iisip. Ang tanong ay hindi lamang kasangkapan sa pagtuturo, kundi isang intelektuwal na hamon na nagtutulak sa mag-aaral na magsuri nang mas malalim. Sa ganitong konteksto, ang guro at kaklase ay nagsisilbing tagapagpaandar ng *epistemic shift* – mula sa pasibong pagkatuto patungo sa aktibong konstruksyon ng kahulugan. Sa pag-aaral ni De La Cruz (2025), binibigyang-diin ang kahalagahan ng literari analisis bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip. Ang pagsusuri sa teksto ay nagiging mas malalim sa tulong ng mga tanong na nagpapasigla ng analitikal na pag-iisip.

Sa pahayag ni Mag-aaral 2, makikita ang epekto ng diskurso sa paglinaw ng tema at kaugnay na ideya. Ipinapakita rito na ang pagbasa ay isang dialohikong proseso, kung saan ang kahulugan ay nabubuo sa interaksyon, hindi lamang sa teksto.

Batay sa pagsusuri, makikita na ang didaktikong ugnayan ay hindi lamang pantulong sa pagkatuto, kundi isang mahalagang salik sa paghubog ng mas malalim na pag-unawa. Ang interaksyon sa kapwa ay nagsisilbing daluyan ng kognitibong pagbuo ng kahulugan. Sa pananaw na ito, ang pagtuturo ng panitikan ay dapat ituring bilang isang dinamiko at kolaboratibong proseso.

## IV. KONKLUSYON

Ang pag-aaral ay nagpapakita ng masalimuot na ugnayan sa pagitan ng relasyunal na pedagohiya at pag-unlad ng kakayahang analitikal sa pagbasa ng panitikan, gamit ang Teoryang Kapwa, Panlipunang Konstruktibismo, at Siklo ng Pagkatuto bilang teoretikal na salalayan. Sa halip na ituring ang pagbasa bilang teknikal na kasanayan, lumitaw ito bilang isang prosesong nakaugat sa ugnayan, konteksto, at kolektibong pagninilay. Sa kontekstong Filipino, kung saan ang wika, karanasan, at identidad ay magkakaugnay, ang panitikan ay nagsisilbing daluyan ng pag-unawa sa sarili at lipunan. Ang resulta ay nagbibigay ng bagong pananaw sa literasi bilang isang panlipunang praktis, hindi lamang bilang kasanayang pang-akademiko kundi bilang mekanismo ng pagbuo ng kamalayang kultural at etikal. Teoretikal na mahalaga ito sa pagpapalawak ng aplikasyon ng mga lokal na pananaw sa edukasyon; teknikal na ipinahihiwatig nito ang pangangailangan ng rekonstruksyon sa mga metodolohiyang

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pangliterasi; at praktikal na inihahayag ang kahalagahan ng pagtuturo ng panitikan bilang espasyo ng pakikipag-ugnayan, pagninilay, at panlipunang partisipasyon.

## V. REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pananaliksik, inirerekomenda ang pagpapatupad ng isang relasyunal at diskursibong pedagohikal na nakabalangkas sa pagtuturo ng panitikan sa antas ng tersyarya. Dapat itong nakatuon sa integratibong pagbasa, metakognitibong elaborasyon, at kolektibong konstruksyon ng kahulugan, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa pag-unawa sa teksto sa konteksto ng kanilang karanasan, wika, at ugnayan sa kapwa. Ang kurikulum ay kailangang idisenyo upang sistematikong maisama ang mga prinsipyo ng Teoryang Kapwa, Panlipunang Konstruktibismo, at Siklo ng Pagkatuto, na napatunayang epektibo sa pagpapalalim ng kasanayang analitikal at interpretatibo. Inaasahang maisasakatuparan ito sa loob ng isang takdang panahon ng implementasyon, may malinaw na layunin sa bawat yunit ng pagtalakay, at masusukat ang bisa sa pamamaraan ng replektibong dyornal, *peer feedback*, at tematikong pagsusuri ng awtput ng mag-aaral. Mahalaga ring isailalim ito sa regular na ebalwasyon upang matukoy ang antas ng tagumpay at mga aspektong nangangailangan ng rebisyon at rekonstruksyon. Bilang tugon sa limitasyon ng kasalukuyang pag-aaral sa saklaw ng kurso at dami ng kalahok, nararapat na isagawa ang mas malawak na pananaliksik sa iba't ibang disiplina, antas ng edukasyon, at kontekstong kultural upang mapagtibay ang bisa, adaptabilidad, at sustenabilidad ng relasyunal na pedagohiya sa mas malawak na larangan ng edukasyong Filipino.

## VI. TALASANGGUNIAN


Benedicto, J., et al. (2023). Academic challenges and psychological distress among selected college students during the pandemic. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 8*(7), 1-27.

Bernardo, A.B.I., & Mante-Estacio, M.J. Metacognitive reading strategies and its relationship with Filipino high school students' reading proficiency: Insights from the PISA 2018 data. *Humanities and Social Sciences Communications, 10*, 400 (2023). https://doi.org/10.1057/s41599-023-01886-6

Buhumaid, R., et al. (2024). Professionalism-training in undergraduate medical evaluation in a multi-cultural, multi-ethnic setting in the Gulf Region: An exploration of reflective essays. *BMC Medical Education*, *24*. https://doi.org/10.1186/s12909-024-05103-z

Clavel, R. C. (2025*). Kalagayang kasalukuyan ng pagtuturo ng Filipinong panitikan. DepEd Bataan.* https://depedbataan.com/wp-content/uploads/2025/01/KALAGAYANG-KASALUKUYAN-NG-PAGTUTURO-NG-FILIPINONG-PANITIKAN.pdf

Castillo, M. M. & Hernandez, A. (2024). Catch-Up Fridays: Pagpapaunlad ng Lebel ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa ng mga Akdang Pampanitikan sa Filipino. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2*(2), 286-296. https://doi.org/10.17613/x8g6-h231


© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Commission on Higher Education. (2018). *CMO No.4, series of 2018: Policy on the offering of Filipino and Panitikan subjects in all higher education programs as part of the new general education curriculum*. https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2018/04/CMO-No.-4-Series-of-2018-Policy-on-the-Offering-of-Filipino-and-Panitikan-Subjects-in-All-Higher-Education-Programs-as-Part-of-the-New-General-Education-Curriculum.pdf

De La Cruz, M. (2025). Literary Analysis Writing Competence and Critical Thinking Skills of Grade 11 Students. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 41*(8), 963-974. https://doi.org/10.70838/pemj.410810

Delima, R. R., et al (2024). Collaborative Learning Approach (CLA) in Improving Reading Proficiency. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 5*(6), 2080-2087. http://dx.doi.org/10.11594/ijmaber.05.06.10

Erie, L. J. D. (2025). Estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School. *International Journal of Fundamental and Multidisciplinary Research, 3*(3), 1-12. https://www.ijfmr.com/papers/2025/3/44699.pdf

Department of Education. (2024). *DepEd Order No. 10, Series of 2024: Policy on the implementation of the Matatag Curriculum*. https://www.deped.gov.ph/2024/07/23/july-23-2024-do-010-s-2024-policy-guidelines-on-the-implementation-of-the-matatag-curriculum/

Fernandez, D. M. T., & Abiva, R. B. E. (2025). Epekto ng modalidad ng pagbasa sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa tekstong pangkasaysayan. *SUKISOK Journal of Arts and Sciences, 5*(2), 17 – 39. https://sukisok.com/index.php/sjas/article/view/14/10

Gagno, A. (2022). Sustaining and improving reading ability: The impact of eight-week reading program to the Phil-IRI results of elementary learners. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 6*(2), 1163-1167. https://doi.org/10.5281/zenodo.7442109

Keramati, A., et al. (2024). Students' reflection on the effect of collaborative learning on the learning environment and academic achievement in online reflective platforms. *Reflective Practice, 25*(2), 117–131. https://doi.org/10.1080/14623943.2024.2305868

Kritsotakis, M., & Morfifi, E. (2024). Linguistic challenges in literary reading comprehension: A study of secondary students' inferential skills. *Education Sciences, 14*(8), 884. https://doi.org/10.3390/educsci14080884

Kudrnáč, A., et al. (2024). The role of empathy in support for inclusive education. *Soc Psychol Educ, 27*, 2367–2391. https://doi.org/10.1007/s11218-024-09928-w

Kushki, A., & Nassaji, H. (2024). L2 reading assessment from a sociocultural theory perspective: The contributions of dynamic assessment. *Education Sciences, 14*(4), 342. https://doi.org/10.3390/educsci14040342

Lakens, D. (2022). Sample size justification. *Collabra: Psychology, 8*(1), 33267. https://doi.org/10.1525/collabra.33267

Maitim, D. M. (2025). Antas ng interes sa pagbasa sa mga klasikong akda ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino: A mixed method study. *Asian Journal of Humannities and*

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

*Social Science Research, 5*(6), 247-260. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/06/Z25906247260.pdf
Maninang, J. (2025). On Kapwa: A core concept in Filipino social psychology. *Philosophia: A Journal of the Department of Philosophy, 3*(1), 5-11. https://philpapers.org/archive/MANOKA.pdf
Marbani, M. & Ngilangil, K. (2025). Literature Circles as a Strategy in Literary Comprehension. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 42*(5), 730-746. https://doi.org/10.70838/pemj.420507
Maré, S., & Mutezo, A. T. (2025). The community of inquiry, shared metacognition, and student engagement in online learning: A systematic review. *Interactive Learning Environments*, *33*(9), 1–22. https://doi.org/10.1080/10494820.2025.2479164
Nieves, T.P.F., & Recillo, M.L.B. (2021). Making lit a hit: Teaching and learning poetry in grade 9 through songs and calligrams. *International Journal of Research Studies in Education*, *10*(12), 97-114. https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a032
Nueva Ecija University of Science and Technology. (2025). Atate Campus. https://neust.edu.ph/atate-campus/
Nyimbili, F., & Nyimbili, L. (2024). Types of purposive sampling techniques with their examples and application in qualitative research studies. *British Journal of Multidisciplinary and Advanced Studies, 5*(1), 90-99. https://doi.org/10.37745/bjmas.2022.0419
Odod, D. J. S. (2025). Pag-unawa sa kahusayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa panitikan: Isang kontekstuwalisadong pag-aaral ng mga gawain sa pagkatuto. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 5*(8), 216-231. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/09/8-IJAMS-AUGUST-2025-216-231.pdf
Ontog, J. V. (2024). Metacognitive Awareness and Research Skills Among Senior High School Students. *Journal of Interdisciplinary Perspectives, 2*(10), 239-246. https://doi.org/10.69569/jip.2024.0430
Oyserman, D., et al. (2021). Process matters: Teachers benefit their classrooms and students when they deliver an identity-based motivation intervention with fidelity. *Contemporary Educational Psychology*, 66, 101993. https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2021.101993
Rodrigues, A. L. (2023). Entrepreneurship education pedagogical approaches in higher education. *Education Sciences, 13*(9), 940. https://doi.org/10.3390/educsci13090940
Sathyanarayna, S., Mohanasundaram, T., & Pushpa, B.V. (2024). Selecting the right sample size: Methods and considerations for social science researchers. *International Journal of Business and Mangement Invention. 13*(7), 152-167. https://www.ijbmi.org/papers/Vol(13)7/1307152167.pdf
Schurmann, V., et al. (2025). Exploring the use of regular reflections in student collaboration: A case study in higher education. Frontiers in Education, 10. https://doi.org/10.3389/feduc.2025.1526487
Singh, A., Ago, B. J., Benosa, D., Cerillo, T., Laguna, D., & Ugto, A. (2020). Effectiveness of collaborative learning in enhancing academic performance in creative nonfiction literary essay subject of Grade 12 HUMSS students at Bestlink College

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

of the Philippines. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 2*(1). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/1491

Tangalin, J. (2023). Project Read and Learn (REAL): Probing its effectiveness in enhancing the academic performance and reading comprehension of grade 7 students. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 8*(3), 343-358. https://10.5281/zenodo.7857880

© 2025 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/